Assurance of Support

We speak your language ☎ 13 1202

Ang ilang malamang na maging migrante ay maaaring hilingang kumuha ng isang Assurance of Support - AoS (Garantiyang Suporta) bago sila bigyan ng bisang pangmigrante. Ang Department of Immigration and Citizenship (Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan) ang magpapasiya kung aling mga aplikasyon sa bisa ang nangangailangan ng isang AoS at ang Centrelink ang magpapasiya kung sino ang garantor.

Ano ang isang Assurance of Support?

Ang AoS ay isang legal na kasunduan sa pagitan ng residente ng Australya o samahan (ang garantor) at ang Australian Government (Pamahalaang Australyano). Sa ilalim ng isang AoS, ang garantor ay pumapayag na suportahan ang migrante (ang ginarantiyahan), upang hindi ito umasa sa mga kabayaran ng Centrelink. Ang garantor ay pumapayag rin na bayaran ang anumang ibinayad sa ginarantiyahan sa panahon ng AoS. Ang suporta sa alinmang anak ng ginarantiyahan ay maaaring isama sa kasunduan.

Ang Centrelink ang siyang magpapasiya kung sino ang maaaring maging garantor sa pamamagitan ng pagtatasa ng kakayahang pampinansiyal ng garantor na magbigay ng suporta. Bago mag-aplay na maging garantor, dapat isaalang-alang niya kung matutugunan niya ang mga obligasyong pinansiyal at legal sa ilalim ng AoS.

Panahong Sakop

Ang AoS ay maaaring sa loob ng dalawa o 10 taon, depende sa uri ng bisa na ibinigay. Kung ang ginarantiyahan ay nasa Australya, ang AoS ay magsisimula sa petsa ng pagbibigay ng bagong bisa. Kung ang ginarantiyahan ay wala sa Australya, ang AoS ay magsisimula mula sa petsa ng pagdating ng ginarantiyahan sa Australya.

Ang AoS ay patuloy na ipatutupad sa panahong sakop kahit na nagkaroon ng problema sa relasyon ng garantor at ng ginarantiyahan.

Mga Kabayarang Dapat Ibalik

Ang Centrelink ay maaaring magbigay ng suportang pinansiyal sa isang ginarantiyahan sa panahon ng AoS kung ang garantor ay hindi makapagbigay ng suporta o walang-katuwiran sa ginarantiyahan na tanggapin ito. Bago gawin ito, karaniwang kinakausap ng Centrelink ang garantor at ang ginarantiyahan. Ang ibabalik na mga kabayaran na ibinigay sa ginanrantiyahan ay kailangang ibalik ng garantor sa Centrelink. Maaaring kasama nito ang:

- Kabayarang Austudy
- Newstart Allowance (Panggastos sa Pagsisimula)
- Parenting Payment – Partnered (Kabayaran para sa Magulang - Magkapartner)
- Parenting Payment – Single (Kabayaran para sa Magulang - Nagsosolo)

- Sickness Allowance (Panggastos ng Maysakit)
- Special Benefit (Natatanging Benepisyo)
- Widow Allowance (Panggastos ng Biyuda)
- Youth Allowance (Panggastos ng Kabataan).

Ang mga dagdag na kabayaran tulad ng Rent Assistance (Tulong sa Renta) at Crisis Payment (Kabayaran sa Krisis) ay maaari ding hilinging ibalik.

Mga grantiya ng bangko

Ang ilang mga aplikasyon ng AoS ay nangangailangan ng isang garantiya ng bangko na ibinibigay ng Commonwealth Bank of Australia. Ito ay kailangan kung ang garantor ay isang samahan o kung ang isang paniniguro ay kailangan sa imigrasyon. Ang garantor ay kailangang magsampa ng isang lagak sa bangko na may taning (term deposit) para sa halaga ng garantiya ng bangko.

Huwag kayong makikipag-ayos ng garantiya ng bangko hanggang hindi hinihiling ng Centrelink.

Ang garantiya ng bangko ay maaaring gamitin upang maibalik ang mga kabayaran sa mga utang sa panahon ng AoS. Kung hindi sapat ang garantiya ng bangko para sa kabuuang halaga, gagamitin ng Centrelink ang kapangyarihan nito sa ilalim ng *Social Security Act 1991 (Batas sa Tulong ng Pamahalaan 1991)* upang kunin ang naiiwang halaga mula sa garantor. Maaaring makasama nito ang paggamit ng korte.

Magkano ang garantiya ng bangko?

Para sa dalawang taon ng AoS, ang halaga ng garantiya ng bangko ay $5000 para sa isang may edad nang tao at $7000 kung may dalawang may edad nang tao sa isang aplikasyon sa bisa. Para sa 10 taong AoS, ang halaga ay $10 000 para sa isang may-edad na at $14 000 kung may dalawang may-edad na sa isang aplikasyon sa bisa.

Kung ang garantor ay isang samahan, ang garantiya ng bangko ay $10 000 para sa dalawang taon ng AoS at $20 000 para sa 10 taon ng AoS, kahit na isa o dalawang may-edad nang tao ang sakop sa garantiya.

Para sa dagdag na impormasyon:

Centrelink: **13 2850**
www.centrelink.gov.au

Department of Immigration and Citizenship: **13 1881**
www.diac.gov.au

Pagkakaila

Ang lathalaing ito ay giya lamang upang magbigay ng kaalaman sa publiko. Maaaring hindi naisama rito ang lahat ng uri at mga iniliban sa mga patakaran. Bago magdesisyon na hindi mag-aplay, kailangang kausapin muna ninyo ang Centrelink at pag-usapan ang inyong partikular na kalagayan.

Ang impormasyon sa lathalaing ito ay tama noong Abril 2008 ngunit maaaring napalitan na mula noon. Kontakin ang Centrelink o tingnan ang website ng Centrelink na **www.centrelink.gov.au** para sa napapanahong impormasyon.

Upang makipag-usap sa Centrelink sa Filipino, tumawag sa **13 1202***.
Ang impormasyon sa inyong wika ay maaaring makita sa website **www.centrelink.gov.au**

** Ang mga bayad sa tawag sa "13" numero ng Centrelink mula sa inyong tahanan ay magkakaiba ayon sa nagbibigay ng serbisyo ng telepono. Ang mga tawag sa "1800" mula sa inyong tahanan ay libre. Ang mga tawag sa mga teleponong pampubliko at mobil ay nasa mataas na halaga.*